Volume 15 September 2019
ACADEME University of Bohol, Graduate School
and Professional Studies Journal
Print ISSN 2362-9142
DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.142

# Komprehensyon sa mga Piling Akdang Panitikan at Akademik Perpormans ng mga Mag-Aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol

**JAYPE U. PALMA**
jaypeupalma@gmail.com
https://orcid.org/0000-0002-2966-5378

**TITO T. TUBO**
tttubo@universityofbohol.edu.ph
https://orcid.org/0000-0003-0143-7776

## ABSTRAK

Ang pagsusuri sa antas ng komprehensyon sa mga akdang panitikan at akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol ang siyang layunin ng pag-aaral na ito. Upang maisakatuparan ang adhikain sa naturang pag-aaral, nilalayong makuha ang: propayl ng mga mag-aaral hinggil sa kasarian at gulang; antas ng komprehensyon sa mga akdang panitikan hinggil sa anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto at hinggil sa anim na domeyn sa kasanayang pampagkatuto; antas ng komprehensyon sa mga akdang panitikan; antas ng akademik perpormans sa Filipino; antas ng kaugnayan sa pagkakaiba sa pagitan ng komprehensyon at akademik perpormans; pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae hinggil sa antas ng komrehensyon at akademik perpormans; baryans sa antas ng komprehensyon sa anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto hinggil sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatib at pagsusuri ng dokumento na ginagamitan ng sariling gawang talatanungan na ibinatay sa istandard na paghahanda ng talahanayan ng ispisipikasyon upang mabisang matugunan ang mga kinakailangan datos. Sumasaklaw

sa ikalawang aralin ng ikatlong markahan sa Filipino sa baitang 7 ang sariling gawang talatanungan. Nakabatay din ito sa uri ng pananaliksik na Descriptive-Correlation sapagkat naglalayon itong mailarawan at masuri ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa akdang panitikan at upang matasa rin kung ito ba ay mayroong kaugnayan sa akdemik perpormans. At batay sa ginawang masusing pagsusuri, natuklasan ang mga sumusunod: mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral at akademik perpormans sa Filipino sa baitang 7; mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae hinggil sa antas ng komprehensyon at akademik perpormans; walang makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa tatlong uri ng akdang panitikan, ibig sabihin, magkatimbang lamang ang antas ng komprehensyon; mayroong makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon hinggil sa anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto; mayroong makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon hinggil sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto.

**Mga Susing Salita:** komprehensyon, akdanag panitikan, akademik perpormans, kognitibong domeyn ng pagkatuto, kasanayang pampagkatuto.

## PANIMULA

Sa pagtuklas ng karunungan, napakahalaga ang tungkulin ng pagbasa sa isang indibidwal na lumawak ang pananaw at magbukas ng kaalaman upang matuto sa takbo ng buhay. Hindi matatawaran ang kahalagahan ng pagbabasa bilang makro ng komunikasyon. Mula sa pagkilala sa mga nakalimbag na simbolo ng isang teksto, pagbibigay ng hinuha sa mga kaisipan at mga impormasyong nilalaman ng akda na humahantong sa isang mapanuri at nagiging-daan sa pagbibigay ng sariling reaksyon hanggang sa mapag-uugnay ang mga sariling karanasan sa kaganapan sa tekstong binasa na matatapos sa pagpapahayag ng mga damdamin. Ito ang mga tunguhin na malinang ang pagbabasa ng mga mag-aaral.

Nararapat lamang na bigyang-pansin ng mga guro ang mga gawaing napapatungkol sa pagbabasa lalong-lalo na sa paghasa ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang panahon, isa sa pangunahing tungkulin ng mga guro sa wika ay mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa (Sanchez, 2017). Ang sistemang

edukasyon ng Pilipinas ay ginagamit bilang instrumento ng estado sa paghubog ng kamalayan at kakayahan ng mga kabataang Pilipino. Dito lalong nahahasa ang bukod tanging mayroon ang isang mag-aaral (Paaralan, 2014).

Nagkaroon ng mga pagababago sa sistema ng edukasyon ang Pilipinas. Ipinatupad ng pamahalaan sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon ang programang K to 12 na ang pangkalahatang layunin sa kurikulum ng programang ito ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Bilang dagdag, isinasaad sa pamantayang pangninilaman sa ikapitong baitang, na dapat naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang panitikan sa Luzon, Kabisayaan at Mindanao. (K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016).

Sa puntong ito, ang mga guro ay may malaking gampanin sa paghubog ng likas na taglay ng mga mag-aaral lalo na sa kakayang literasi at pang-unawa na magiging sandigan sa paghubog ng pagkatuto. Dapat na maisabuhay ang pagpapahalaga sa mga akdang panitikan sa pamamagitan ng paggamit nito bilang behikulo ng pagtuturo.

Ninanais ng pananaliksik na ito na malaman ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga akdang panitikan at kung mayroon itong kaugnayan sa akademik perpormans upang maisagawa ang pagpaplano ng isang desinyo ng aralin na gagamitin sa pagtuturo ng pag-unawa sa binasang akda na isa sa pamantayang pangnilalaman na isinaad sa K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum na inatas ng kagawaran ng edukasyon.

**Balangkas Teoritikal.** Ang mga sumusunod na binasang teorya ang nagiging sandigan sa pag-aaral na ito. Constructivist Theory ni Jerome Bruner (1966) na binigyang-diin kung papaano nakakabuo ng ideya at konsepto ang mga mag-aaral gamit ang mga kasalukuyan at nakaraang kaalaman. Gamit ang mga kaalamang ito, at nakabubuo ang mag-aaral ng mas mataas na lebel ng pag-unawa na kanyang ginagamit upang maintindihan ang mga nilalamang impormasyon mula sa paksang pinag-aaralan;

Theory of Cognitive Development ni Jean Piaget (1936). Isinasaad na ang pokus sa kung ano ang mga mekanismo at proseso sa kung papaano ang isang indibidwal ay nakalilinang at nakabubuo ng mga kaalaman mula sa kanyang paligid. Naniniwala si Piaget, na habang tumatanda ang tao ay nadaragdagan ng mga bagong kaalaman at kakayahan. Mamamalas din sa teoryang ito ang paggamit ng mental na kakayahan ng isang tao sa pagkatuto; at

Zone of Proximal Development ni Lev Vygotsky (1934), binigyang-diin sa teoryang ito na ang isang mag-aaral ay natututo dahil sa gabay at tulong ng mga nakatatanda at kalauna'y magiging malaya sa pagkamit ng mga bagong kaalaman tungo sa pansariling pagkatuto. Sa paaralan, masasabing malaki ang gampaning ginagampanan ng isang guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil ang mga ito ay nagsisilbing tagapatnubay sa mga kasanayan sa bawat paksang-aralin tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral (McLeod, 2018).

**Batayang Legal.** Alinsunod sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987), Artikulo XIV, Seksyon 1. Dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ng gayong edukasyon.

Sa Arikulo XIV, Seksyon 15, talata 1 ng Saligang Batas ng Pilipinas. Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa.

Bilang kaugnay sa nabanggit, isa sa mga mahalagang programa na ipinapatupad ng kautusang pangkagawaran ng Kagawaran ng Edukasyon ay ang *DepEd Order No.* 18*,* serye ng 2017*,* ukol sa *Guidelines on the Utilization of the 2017 Every Child a Reader Program (ECARP) Funds for the Early Language, Literacy, and Numeracy Program: Professional Development Component.* Ayon sa programang ito, isa sa layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na malinang sa mga batang Pilipino na marunong nang sumulat at bumasa na may pang-unawa saan alinman sa mga baitang mapabilang.

Bilang tugon sa nabanggit na artikulo, ayon sa K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016 na ipinalalabas ng kagawaran ng edukasyon, isa sa layunin ng pagtuturo sa Filipino na malinang ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakilanlan,

kultural na litersi at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong ng daigdig.

**Kaugnay Na Literatura.** Ang mga sumsunod ay binasa upang magbigay ng kaligirang impormasyon na maging sanligan ng pananaliksik:

Nabanggit sa aklat ni De Leon (2018) na pinamagatang "Tuklas-Diwa Pagbasa Panunuri Panaliksik Filipino 2", ang sumusunod na teorya na panuntunan sa komprehenyon sa pagbasa:

Teksto Patungo sa Tagabasa (Teoryang *Bottom-Up*) - Nananalig ang teoryang ito na ang pagkatuto sa pagbasa ay nagsisimula sa pagkilala sa mga titik, salita, parirala, at pangungusap bago malaman ang kahulugan ng teksto. Tinatawag din itong "*outside-in*" o "*data driven*" sapagkat ang impormasyon sa pag-unawa ay hindi nagmula sa tagabasa kundi sa teksto.

Teoryang *Top-Down* - Tinatawag din ang teoryang ito na "*inside out*" o "*conceptually-driven*" dahil ang kahulugan o impormasyon ay nagsisimula sa mambabasa patungo sa teksto. Ito ay nangyayari dahil ang mambabasa ay gumagamit nga kanyang mga dating kaalaman at ng konseptong nabuo sa kanyang isipan mula sa kanyang mga karanasan at pananaw sa paligid.

Teoryang Interaktib –Bunga naman ito ng pambabatikos ng mga dalubhasa sa ikalawang teorya. Ayon sa teoryang ito, ang teksto ay kumakatawan sa wika at kaisipan. Dito nagaganap ang interaksyong awtor-mambabasa at mambabasa-awtor kung gayon, ang interaksyon ay may dalawang direksyon o bi-directional. Masasabing ang teoryang ito ay isang pagbibigay-diin sa pag-unawa sa pagbasa bilang isang proseso at hindi bilang produkto.

Teoryang Iskima- Mahalaga ang tungkuling ginagampanan sa pagbasa ng dating kaalaman ng mambabasa. Ito ang batayang paniniwala ng teoryang iskima. Bawat bagong impormasyong nakukuha sa pagbabasa ay naidaragdag sa dati nang iskima. (p.12-13).

Sa aklat ni Flavell (1976) sa teorya ng Metakognisyon sa Pagbasa na ang metakognisyon ay tumutukoy sa pagkakaroon ng kamalayan at kasanayan sa pagkontrol sa sariling proseso ng pag-unawa. Ito rin ang mataas na kasanayang pampag-iisip na kinapapalooban ng aktibong pagkontrol sa mga prosesong kognitibo sa pagkatuto. Binibigyang-diin din ng metakognisyon ang malawakang control sa mga proseso sa halip na sa mga tiyak na istratehiya o gawain.

Ang mga sumusunod naman ay mga lebel ng komprehensyon na dapat taglayin ng isang mag-aaral: Unang lebel (Literal - Reading the lines), dito ipinakikita na ang isang mambabasa ay nakatutukoy sa mga mahahalaga at pangunahing detalye ng teksto, nakaalala ng mga pansuportang detalye sa pangunahing ideya at nakapagsunud-sunod ng mga pangyayari ng teksto. Pangalawang lebel (Interpretative- Reading between the lines) ay pagbasa sa pagitan ng mga linya; kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang may mas malalim na pag-unawa sa binasa. Dito ipinakikita ang paghihinuha sa layunin ng awtor, pagbigay ng interpretasyon, pagbigay ng hatol at paghahambing ng ideya ng awtor sa ideya ng mambabasa. Pangatlong lebel (Applied – Reading beyond the lines), dito sangkot ang kritikal at malikhaing pagbasa; kung saan nahuhulaan ng mambabasa ang magaganap, natutukoy ang kongklusyon ng binasa, nakapagbibigay ng generalisayon, rekomendasyon, suhesyon, desisyon, at nakapagpapalawak ng sariling kaisipan. Maliban dito, masusukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang taksonomi nina Bloom's at Barrett's.

**Kaugnay Na Pag-Aaral.** Ang mga sumusunod na kaugnay na pag-aaral ay nagbibigay-patunay sa pagkakaroon ng ganitong uri ng pananaliksik:

Sa pag-aaral nina Acheaw at Larson (2014) na pinamagatang "Reading Habits Among Students and Its Effect on Academic Performance: A Study of Students of Koforidua Polytechnic" natuklasan sa pag-aaral na karamihan sa mga mag-aaral ay may pananaw na ang pag-uugaling pagbabasa ay may makabuluhang epekto sa akademikong perpormans. Kaya nakita sa pag-aaral na may direktang ugnayan ang ugaling pagbabasa sa akademikong perpormans. Napabulaanan din sa pag-aaral na ang katamaran ang isa sa pinakabalakid sa ugaling pagbabasa ng mga mag-aaral. Kaya nagbigay ng rekomendasyon ang mga mananaliksik na dapat himukin ng mga guro na pumunta ang mga mag-aaral sa mga silid-aklatan at magbasa at manghiram ng mga maaring basahin upang mabigyan ng kaparaanan na ugaliin na ng mga mag-aaral na magbasa.

Nakasaad sa pag-aaral na ito na ang pag-uugaling pagbabasa ay may malaking naitutulong sa paglinang ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Kaya mas maiging hikayatin ng guro ang mga mag-aaral sa gawaing pagbabasa upang magkaroon din sila ng positibong pananaw ukol sa gawaing ito.

Natuklasan nina Gilakjani at Sabouri (2016) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang "How Can Students Improve Their Reading Comprehension?" na ang mga istratehiyang ginagamit ng guro sa mga pagbabasa ay may malaking epekto sa kakayahan ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Kaya hinihimuk ang mga guro na ang mga babasahin na gagamitin at mga gawain sa pagbabasa ay kinakailangan maging kaakit-akit sa mga mag-aaral para mas madaling maintindihan ang nilalaman nito at kinakailangan ding itong maging angkop sa kanilang lebel ng pang-unawa.

Ayon dito na may malaking naitutulong ang paggamit ng guro ng mga istratehiya sa paghasa sa pang-unawa ng mga mag-aaral. Kaya nararapat lang na gumamit ng mga istratehiya na angkop sa mga mag-aaral at sa bawat layunin ng akdang babasahin.

Marami ng pananaliksik ang isinagawa upang malaman ang epekto ng istratehiya, metodo, teknik at kaparaanan upang mahasa ang aspeto ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Tulad ng pag-aaral nina Shirmohammadi at Salehi (2017) na pinamagatang "Comparative Effect of Scaffolding Instruction and Self-Regulated Learning on ESP Learners' Reading Comprehension" base sa resulta ng pag-aaral , ito ay napabulaanang ang scaffolding teknik (may namamagitang pagtuturo na sadyang ginawa upang madagdagan ang pagkatuto ng mag-aaral) ay nakakatulong sa mga mag-aaral na pabutihin ang kanilang komprehensyon kaysa sa self-regulated techniques (hinahayaang ang mag-aral na matuto sa kanyang sariling pamaraan). Samakatuwid, ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng suporta hanggang sa kaya na nilang mag-isa na maghain ng bagong kasanayan at istratehiya sa pag-unawa.

Inilalahad na dapat na gabayan ang mga mag-aaral sa paghasa ng kanilang komprehensyon sa paraan ng pagplano ng mga gawain na huhubog sa kanilang isipan upang matuto. Maisasakatuparan ito kung gagamit ang guro ng mga teknik o istratehiya sa kanyang pagtuturo bilang kanyang pantulong sa paglinang ng pang-unawa ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman ni Connelly (2016) na pinamagatang "Effects of WH-Question Graphic Organizer on Reading Comprehension in Students with Autism Spectrum Disorders" ayon sa pananaliksik ito'y nagpapakita na ang mga mag-aaral na may ASD ay mas nakakaunawa sa kabuuan ng teksto kung nilalaanan ng di-ganap na kompletong grapikong paglalarawan. Ang komprehensyon din ay napapabuti kung ang mga grapikong paglalarawan ay inilalaan pagkatapos magbasa.

Batay rin sa pag-aaral ni Wicaksono (2016) na pinamagatang "Improving Students' Reading Comprehension Through Visualization Technique" napag-alamang batay sa ginawang pretest at post-test ng pag-aaral ay positibong naipapakita na sa pamamagitan ng Visualization technique ay napapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kanyang binabasa.

Isinaad sa mga pag-aaral na dapat hindi lang pagbabasa ng purong mga teksto ang ginagawa ng guro. Dapat na gumamit din ng iba't ibang teknik sa mga gawaing pagbabasa gaya ng paggamit ng mga larawan o guhit sa bawat pangyayari ng teksto upang mas mahinuha at mas maunawaan ng mag-aaral ang maaaring daloy at nilalaman ng binasa.

Dahil sa ang magiging kinalabasan ng gagawing pag-aaral na ito ay hahantong sa mungkahing disenyo ng aralin. Binigyang-diin sa pag-aaral nina Mistar, Zuhairi, at Yanti (2016) na pinamagatang "Strategies Training in the Teaching of Reading Comprehension EFL Learners in Indonesia" na upang matulungang mapadali ang pag-unawa ng mga mambabasa sa kanyang binabasa, kinakailangan na may gayong istratehiya na inilalakip sa silabus o banghay-aralin na gagamitin ng guro. Kinakailangang bigyang pansin ng guro na ituro ang mga nakapaloob na gawain para sa mga mag-aaral at subukang ituro rin sa mga mag-aaral kung paano nila gamitin ang mga teknik sa tunay na proseso ng pagbabasa.

Pinatunayan sa pag-aaral na ito na kinakailangang may gawing pagpaplano ang guro sa gawaing pagtuturo gaya ng pagkakaroon ng banghay-aralin na kinapalooban ng balangkas ng mga layunin, paksang-aralin, kagamitan, at mga hakbang na sunud-sunod na isinasagawa sa pagsasakatuparan ng layunin at ikapagtatamo ng mga inaasahang bunga ng pagkatuto. Ang pagkakaroon ng pagpaplano sa gawaing pagtuturo ay nagsisilbing gabay ng guro sa daloy ng kanyang ituturo.

## ANG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matasa ang antas ng komprehensyon sa mga akdang panitikan at akademik perpormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, Baitang 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol.

Sa katiyakan, nilalayon ng pag-aaral na tahasang matugunan ang sumusunod na katanungan: Ano ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga akdang panitikan batay sa anim na kognitibong

domeyn sa pagkatuto?; Ano ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga akdang panitikan batay sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto?; Ano ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga akdang panitikan?; Ano ang antas ng akademik perpormans ng mag-aaral sa Filipino?; Nagkaroon ba ng makabuluhang antas ng korelasyon sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral at akademik perpormans sa Filipino baitang 7?; Nagkaroon ba ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mag-aaral na lalaki at babae batay sa: Antas ng komprehensyon at Akademik perpormans?; Nagkaroon ba ng makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa tatlong akdang panitikan?; Nagkaroon ba ng makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral batay sa anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto?; Nagkaroon ba ng makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral batay sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto?

**Null hipotesis**

Batay sa inilahad na mga tiyak na suliranin ng pag-aaral, tiniyak sa pananaliksik na ito ang mga hipotesis na siyang sinuri para sa pagtanggap o kaya pagwawalang bisa:

Ho1: Walang makabuluhang antas ng korelasyon sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral at akademik perpormans sa asignaturang Filipino sa baitang 7.

Ho2: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mag-aaral na lalaki at babae batay sa antas ng komprehensyon at akademik perpormans.

Ho3: Walang makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa tatlong uri ng panitikan.

Ho4: Walang makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon batay sa anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto.

Ho5: Walang makabuluhang baryans sa antas ng komprehensyon batay sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

**Disenyo ng Pananaliksik.** Ang pag-aaral na ito ay naihahanay sa kwantitatib at sa pagsusuri ng dokumento na ginamitan ng sariling gawang talatanungan na naaayon sa istandard na paghahanda ng talahanayan ng ispisipikasyon upang mabisang makuha ang mga kinakailangang datos

ng pag-aaral. Ito ay nakabatay din sa uri na Descriptive-Correlational Research. Binanggit sa aklat ni Baraceros (2016) na may pamagat na "Practical Reserch I", na inihahanay sa descriptive-correlational research ang pag-aaral na naglalayong maglarawan ng kalagayan ng anumang paksa sa isang partikular na panahon at kung ito'y naglalayong masuri o matasa ang kaugnayan ng dalawa o mahigit pang baryabol (p. 12).

Ang nasabing disenyo ay angkop lamang para sa pag-aaral na ito sa dahilang nilalayon ng nitong matasa ang antas ng komprehensyon sa mga akdang panitikan na nakapaloob sa ikalawang aralin ng ikatlong markahan at ang akademik perpormans (grado ng mga mag-aaral sa una at ikalawang markahan) ng mga mag-aaral sa Filipino sa baitang 7. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito'y magiging batayan sa pagsasagawa ng mungkahing desinyo ng aralin na gagamitin ng mga guro para mas mapaunlad ang gawaing pagtuturo.

**Instrumento ng Pananaliksik.** Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng sariling gawang talatanunganna mayroong dalawang bahagi. Ang unang ay binubuo ng walumput limang (85) aytem na may mga pagpipiliang sagot, habang ang ikalawang ay binubuo ng tig-iisang aytem sa tatlong uri ng akda na may tiglilimang (5) puntos sa bawat sagot. Sinigurado sap ag-aaral na ito na ang talatanungan ay maayos na nakaangkla sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto ng K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino baitang 7 ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga kasanayang pampagkatutong ito ay itatalakay sa ikalawang markahan na sumasaklaw sa paksa tungkol sa mito, alamat at kuwentong-bayan. Ang pinagbatayang mga akda sa tatlong panitikan ay ang mga akda na nakabatay sa instructional plan sa Filipino baitang 7.

Ang mga kasanayang pampagkatutong ito ay maayos na pinapangkat ayon sa anim na domeyn na kinabibilangan ng mga sumusunod: Pag-unawa sa Napakinggan (PN), Pag-unawa sa Binasa (PB), Paglinang ng Talasalitaan (PT), Panonood (PD), Wika at Gramatika (WG) at Pagsulat (PU).

Sinigurado sa pag-aaral na ito na ang talatanungan ay maayos na nakaangkla sa anim na kognitibong domeyn ng pagkatuto upang tuwirang matasa ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral na isinunod sa istandard na Talahanayan ng Ispisipikasyon ng Gabay Pangkurikulum sa Filipino.

Ang nasabing talatanungan ay idinaan sa pilot testing sa tulong ng mga mag-aaral na hindi kasama ng pag-aaral. Ang mga mag-aaral sa grade 8

ang siyang dumaan sa pilot testing sa kadahilanang napagdaanan na nila ang mga kasanayang pampagkatuto kaya't mas mabisang pagsukat sa kaangkupan. Ang mga tanong na nakakuha ng mas mababa sa sampu (10) ang antas ng kahirapan at higit sa siyamnapu (90) ang antas ng kahirapan ay nirebisa upang maisaalang-alang ang pagkatanggap nito ayon sa sining ng pagtatanong at sa antas ng kahirapan ng mga terminolohiyang ginamit sa mga tanong. Ginamit ang talatanungan sa pasulit sa natamong kabatiran upang mabisang masukat ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa bawat kognitibong domeyn ng pagkatuto, bawat panitikan, at bawat domeyn ng kasanayang pampagkatuto sa Filipino baitang 7.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Matutunghayan ang paglalahad sa mga kinalabasan ng mga sinuring datos na mahalaga sa pagtuklas sa mga layunin ng pag-aaral.

Inilalarawan sa **Talahanayan I** ang buod ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa anim na kognitibong domeyn ng pagkatuto. Nangunguna sa bahagdan ng mean ang domeyn ng Sintesis na may bahagdan na 64.25 at ang domeyn na Kaalaman na may bahagdan na 64 ay mayroong parehong deskripsyong Mas Mahusay. Samantalang ang domeyn na Komprehensyon na may bahagdan na 56.19, domeyn na Ebalwasyon na may bahagdan na 51.25, domeyn na Aplikasyon na may bahagdan na 49.66 at domeyn na Analisis na may bahagdan na 43.33 ay mayroong parehong deskripsyon na Mhusay. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan na sa anim na kognitibong domeyn ng pagkatuto na isinalalang ng mga mag-aaral sa pasulit, mas naipamalas nila ang husay sa domeyn na Kaalaman at Sintesis.

Talahanayan I. Buod ng antas ng komprehensyon ng mga Mag-aaral ayon sa Anim na Kognitibong Domeyn sa Pagkatuto
N=80

| Rating | Kaalaman HPS=30 | | | Komprehensyon HPS=20 | | | Analisis HPS=15 | | | Aplikasyon HPS=15 | | | Sintesis HPS=10 | | | Ebalwasyon HPS=10 | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank |
| P 81-100 | 17 | 21.25 | 3 | 8 | 10 | 4 | 1 | 1.25 | 5 | 8 | 10 | 5 | 15 | 18.75 | 3 | 1 | 1.25 | 5 |
| MM 61-80 | 27 | 33.75 | 1 | 19 | 23.75 | 3 | 11 | 13.75 | 3 | 18 | 22.5 | 2.5 | 32 | 40 | 1 | 22 | 27.5 | 2.5 |
| M 41-60 | 26 | 32.5 | 2 | 31 | 38.75 | 1 | 22 | 27.5 | 2 | 18 | 22.5 | 2.5 | 16 | 20 | 2 | 27 | 33.75 | 1 |
| DM 21-40 | 9 | 11.25 | 4 | 20 | 25 | 2 | 39 | 48.75 | 1 | 25 | 31.25 | 1 | 12 | 15 | 4 | 22 | 27.5 | 2.5 |
| HM 0-20 | 1 | 1.25 | 5 | 2 | 2.5 | 5 | 7 | 8.75 | 4 | 11 | 13.75 | 4 | 5 | 6.5 | 5 | 8 | 10 | 4 |
| Total | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | |
| Mean | 19.2 (64%) MAS MAHUSAY | | | 11.23 (56.19%) MAHUSAY | | | 6.55 (43.33%) MAHUSAY | | | 7.45 (49.66) MAHUSAY | | | 6.42 (64.25%) MAS MAHUSAY | | | 5.12 (51.25%) MAHUSAY | | |

**Leyenda:**

| **Interval Range** | **Deskripsiyon** | |
|---|---|---|
| **81-100** | **- (P)** | Pinakamahusay |
| **61-80** | **- (MM)** | Mas Mahusay |
| **41-60** | **- (M)** | Mahusay |
| **21-40** | **- (DM)** | Di-gaanong Mahusay |
| **0-20** | **- (HM)** | Hindi Mahusay |
| ***HPS** | **Highest Possible Score** | |

Ang **Talahanayan II** nagpapakita ng buod ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto. Nangunguna sa bahagdan ng mean ang antas ng komprehensyon ang domeyn ng Wika at Gramatika na may bahagdan na 64.77 at kasunod ang domeyn ng Panonood na may bahagdan na 61.71 na mayroong parehong deskripsyong Mas Mahusay. Samantalang ang domeyn Pag-unawa sa Binasa na may bahagdan na 55.34, ang domeyn na Pag-unawa sa Napakinggan na may bahagdan na 53.60, ang domeyn na Talasalitaan na may bahagdan na 52. 96, at ang domeyn na Pagsulat na may bahagdan na 49. 55 na kapwa parehong mayroong deskripsyon na Mahusay. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan na sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto na isinaalang-alang ng mga mag-aaral sa pasulit, mas naipamamalas nila ang galing sa domeyn ng Wika at Gramatika at domeyn ng Panonood.

Talahanayan II. Buod ng antas ng komprehensyon ng mga Mag-aaral ayon sa Anim na Domeyn ng Kasanayang Pampagkatuto
N=80

| Rating | Pag-unawa sa Napakinggan HPS=17 | | | Pag-unawa sa Binasa HPS=33 | | | Paglinang ng Talasalitaan HPS=8 | | | Panonood HPS=8 | | | Wika at Grama-tika HPS=17 | | | Pagsulat HPS=17 | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank | F | % | Rank |
| P 81-100 | 3 | 3.75 | 4 | 8 | 10 | 4 | 4 | 5 | 5 | 24 | 30 | 1 | 24 | 30 | 1 | 13 | 16.25 | 3.5 |
| MM 61-80 | 24 | 30 | 2 | 22 | 27.5 | 2 | 37 | 46.25 | 1 | 23 | 28.8 | 2 | 21 | 26.3 | 3 | 13 | 16.25 | 3.5 |
| M 41-60 | 40 | 50 | 1 | 34 | 42.5 | 1 | 13 | 16.25 | 3 | 16 | 20 | 3 | 22 | 27.5 | 2 | 26 | 32.5 | 1 |
| DM 21-40 | 12 | 15 | 3 | 16 | 20 | 3 | 21 | 26.25 | 2 | 12 | 15 | 4 | 11 | 13.8 | 4 | 21 | 26.25 | 2 |
| HM 0-20 | 1 | 1.25 | 5 | 0 | 0 | 5 | 5 | 6.25 | 4 | 5 | 6.25 | 5 | 2 | 2.5 | 5 | 7 | 8.75 | 5 |
| Total | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | | 80 | 100 | |
| **Mean** | **9.11 (53.60%) MAHUSAY** | | | **18.26 (55.34%) MAHUSAY** | | | **4.23 (52.96) MAHUSAY** | | | **4.93 (61.71%) MAS MAHU-SAY** | | | **11.01 (64.77%) MAS MAHUSAY** | | | **8.42 (49.55%) MAHUSAY** | | |

**Leyenda:**

| **Interval Range** | | **Deskripsiyon** |
|---|---|---|
| **81-100** | **- (P)** | Pinakamahusay |
| **61-80** | **- (MM)** | Mas Mahusay |
| **41-60** | **- (M)** | Mahusay |
| **21-40** | **- (DM)** | Di-gaanong Mahusay |
| **0-20** | **- (HM)** | Hindi Mahusay |
| ***HPS** | | **Highest Possible Score** |

Sa **Talahanayan III,** makikita ang ginawang paglalahad ng mga datos hinggil sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa tatlong akdang panitikan. Sa kabuuang bilang na 80 (100%) na mga mag-aaral, nangunguna ang deskripsyong Mahusay na mayroong pinakamaraming mag-aaral ang napabilang, kasunod ang deskripsyong Mas Mahusay sa dami ng mag-aaral na napabilang dito, pangatlo sa dami ng mag-aaral ang napabilang sa deskripsyong Di-gaanong Mahusay, pang-apat sa dami ng mag-aaral ang napabilang na mayroong deskripsyong Pinakamahusay, at walang mag-aaral ang nakakuha o napabilang sa deskripsyong Hindi Mahusay. Batay sa *mean* nito na 55.99 na ang ibig sabihin ang deskripsyon na angking pang-unawa ng mga mag-aaral ay Mahusay.

Talahanayan III. Antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa Tatlong Akdang Panitikan
N = 80

| DESKRIPSYON | Dami (frequency) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Pinakamahusay (P) 81-100 | 8 | 10% | 4 |
| Mas Mahusay (MM) 61-80 | 19 | 23.75% | 2 |
| Mahusay (M) 41-60 | 42 | 52.50% | 1 |
| Di-gaanong Mahusay (DM) 21-60 | 11 | 13.75% | 3 |
| Hindi Mahusay (HM) 0-20 | 0 | 0% | 5 |
| KABUUAN | 80 | 100% | |
| MEAN = 55.99 Mahusay (M) | | | |
| Above the Mean | 38 | 47.50 % | 2 |
| Below the Mean | 42 | 52.50% | 1 |
| KABUUAN | 80 | 100% | |

Inilalahad sa **Talahanayan IV** ang akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7. Makikita na nangunguna ang deskripsyong Bahagyang Kasiya-siya na may daming 27 mag-aaral o 33.75 bahagdang, kasunod ang deskripsyong Kasiya-siya na may daming 22 mag-aaral o 27.50 bahagdang, pangatlo ang deskripsyong Higit na Kasiya-siya na may daming 16 na mag-aaral o 20 bahagdang, pang-apat ang deskripsyong Katangi-tangi na may daming 15 mag-aaral o 18.76 bahagdang, at panghuli ang deskripsyong Hindi Nakamit ang Inaasahan na walang mag-aaral ang nakatamo para sa deskripsyong ito. Ibig sabihin, ang lahat ng mga mga mag-aaral ay nakapasa sa una at pangalawang kwarter sa Filipino baitang 7. Batay naman sa natamong *mean* ay nakakuha ng 83.32 na nangangahulugang Kasiya-siya.

Talahanayan IV. Akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino Baitang 7
N = 80

| DESKRIPSYON | Dami (frequency) | Bahagdan (%) | Rank |
|---|---|---|---|
| Katangi-tangi (K) 90-100 | 15 | 18.75% | 4 |
| Higit na Kasiya-siya (HK)85-89 | 16 | 20% | 3 |
| Kasiya-siya (K)80-84 | 22 | 27.50% | 2 |
| Bahagyang Kasiya-siya (BK)75-79 | 27 | 33.75% | 1 |
| Hindi Nakamit ang Inaasahan (HN)60-74 | 0 | 0% | 5 |
| KABUUAN | 80 | 100% | |
| MEAN = 83.32 Kasiya-siya (K) | | | |
| Above the Mean | 37 | 46.25% | 2 |
| Below the Mean | 43 | 53.75% | 1 |
| KABUUAN | 80 | 100% | |

Ang **Talahanayan V** ay nagpapakita ng korelasyon sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7 batay sa kinalabasan ng pasulit at ang natamong akademik perpormans sa unang kwarter at pangalawang kwarter. Napag-alaman na ang *computed r value* na 0.8885 ay mas mataas pa sa *critical value* na 0.2909 gamit ang 0.05 na antas ng kabuluhan at 78 *degrees of freedom*.

Ipinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang t-test, at napag-alaman na ang *computed t-value* na 17.1005 ay mas mataas pa sa *critical value* na 1.9993, sa gayon ang null hipotesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang may makabuluhang digri ng korelasyon sa pagitan ng antas ng komprehensyon at akademik perpormans ng mga mag-aaral. Ito ay may implikasyong kung mas mataas ang antas ng komprehensyon ay mas mataas rin ang magiging akademik perpormans ng mga mag-aaral.

Talahanayan V. Korelasyon ng Antas ng Komprehensyon at Akademik Perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino
N=80

| | Komprehensyon | | Akademik Perpormans | | XY |
|---|---|---|---|---|---|
| | X | $X^2$ | Y | $Y^2$ | |
| Sum | 4479 | 269773 | 6665.5 | 558410.25 | 379948.5 |
| Mean | 55.99 | | 83.32 | | |

r = 0.8885
critical value of r at 78 df, 0.05 level of significance = 0.2290
Result : significant Ho : rejected

t = 17.1005
critical value of t at 78 df, 0.05 level of significance = 1.9993
Result : significant Ho : rejected

Ang **Talahayanan VI-A** ay nagpapakita ng pagkakaiba ng lalaki at babae sa antas ng komprehensyon batay sa kinalabasan ng pasulit. Makikita sa talahanayang ito na ang *test value* na -4.4068 ay lumampas pa sa critical value na 1.990847 na may 78 *degrees of freedom at* 0.05 *level of significance,* sa gayon ang null hipotesis ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae hinggil sa antas ng komprehensyon. Napag-alaman din dito na mas mataas ang antas ng komprehensyon ng mga babae batay sa nakuha nitong *mean* na 62.68293 kaysa sa mga lalaki na ang nakuhang *mean* ay 48.92308.

Talahanayan VI-A. Pagkakaiba ng Lalaki at Babae sa Antas ng Komprehensyon
N=80

| | ***Lalaki*** | ***Babae*** |
|---|---|---|
| **Mean** | 48.92308 | 62.68293 |
| **Variance** | 202.1781 | 187.922 |
| **Observations** | 39 | 41 |
| **Pooled Variance** | 194.8673 | |
| **Hypothesized Mean Difference** | 0 | |
| **df** | 78 | |
| **t Stat** | **-4.4068** | |
| **P(T<=t) one-tail** | 1.65E-05 | |
| **t Critical one-tail** | 1.664625 | |
| **P(T<=t) two-tail** | 3.31E-05 | |
| **t Critical two-tail** | **1.990847** | |

Result : **Significant** Decision : **Reject Ho**

Makikita sa **talahayanan VI-B** ang pagkakaiba ng lalaki at babae sa akademik perpormans hinggil sa natamong marka sa una at pangalawang kwarter. Makikita na ang *test value* na -5.32283 ay mas lumampas pa sa critical value na 1.990847 na may 78 *degrees of freedom at* 0.05 *level of significance,* sa gayon ang null hipotesis ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae hinggil sa akademikong perpormans. Napag-alaman din dito na mas mataas ang akademik perpormans ng mga babae batay sa nakuha nitong *mean* na 86.42683 kaysa sa mga lalaki na ang nakuhang *mean* ay 80.05128.

Talahanayan VI-B. Pagkakaiba ng Babae at Lalaki sa Akademik Perpormans
N=80

| | Lalaki | Babae |
|---|---|---|
| Mean | 80.05128 | 86.42683 |
| Variance | 27.01046 | 30.25701 |
| Observations | 39 | 41 |
| Pooled Variance | 28.67536 | |
| Hypothesized Mean Difference | 0 | |
| df | 78 | |
| t Stat | -5.32283 | |
| P(T<=t) one-tail | 4.77E-07 | |
| t Critical one-tail | 1.664625 | |
| P(T<=t) two-tail | 9.54E-07 | |
| t Critical two-tail | 1.990847 | |
| Result : Significant | Decision : Reject Ho | |

Inilalahad sa **Talahayan VII-A** at **VIII-B** ang baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa tatlong uri ng akdang panitikan. Ang mga datos ay sinukat gamit ang One Way Analysis of Variance (ANOVA) test. Napag-alaman dito na ang *resultant F* ay 2.4701 na mas mababa sa *critical value* na 3.0339 gamit ang 0.05 antas ng kabuluhan ayon sa 2 at 237 *degrees of freedom,* sa gayon ang null hipotesis ng pag-aaral ay tinanggap. Ito ay nangangahulugang walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa tatlong akdang panitikan.

Talahanayan VII-A. Mga datos sa pagsusuri ng baryans sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral ayon sa Tatlong Uri ng Panitikan

| Groups | Count | Sum | Average | Variance |
|---|---|---|---|---|
| Mitolohiya | 80 | 4660 | 58.25 | 229.50 |
| Alamat | 80 | 4564.52 | 57.0564516 | 316.02 |
| Kwentong- Bayan | 80 | 4214.71 | 52.6838235 | 288.90 |

Talahanayan VII-B. Pagsusuri sa baryans ng antas ng komprehensyon sa pagitan ng Tatlong Akdang Panitikan

| Source of Variation | SS | df | MS | F | P-value | F crit |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 1374.05 | 2 | 687.02 | 2.4701 | 0.087 | 3.0339 |
| Within Groups | 65919.46 | 237 | 278.14 | | | |
| Total | 67293.51 | 239 | | | | |
| Result: Insignificant Decision: Accept Ho | | | | | | |

Ang **Talahayanan VIII-A at VIII-B** ay nagpapakita sa pagsusuri ng pagkakaiba ng anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto hinggil sa tatlong akdang panitikan. Ang mga datos ay sinukat gamit ang One Way Analysis of Variance (ANOVA) test. Napag-alaman dito na ang *resultant F* ay 13.7082 na mas mataas pa sa *critical value* na 2.2330 gamit ang 0.05 antas ng kabuluhan ayon sa 5 at 474 *degrees of freedom,* sa gayon ang null hipotesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang may makabuluhang baryans sa pagitan ng anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto hinggil sa tatlong akdang panitikan.

Pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Scheffes Test na ipinapakita sa **Talahanayan VIII-C**. Napag-alaman dito na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Kaalaman vs Analisis; Kaalaman vs Aplikasyon; Kaalaman vs Ebalwasyon; Komprehensyon vs Analisis; Analisis vs Sintesis; Aplikasyon vs Sintesis; at Sintesis vs Ebalwasyon. Makikita mula sa talahanayan na ang nangunguna na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga domeyn ng kognitibong pagkatuto ay ang Kaalaman at Analisis na nakakuha ng baryans na 43.58531, kasunod ang Analisis at Sintesis na may baryans na 39.32969, pangatlo ang Kaalaman at Aplikasyon na may baryans na 22.01486, pang-apat ang Kaalaman at Ebalwasyon na may baryans na 20.42657, panlima ang Aplikasyon

at Sintesis  na may baryans na 19.02199, pang-anim ang Sintesis at Ebalwasyon na baryans na 17.5477 at panghuli ang  Komprehensyon at Analisis na may baryans na 15.46762. Ang iba pang natitirang pares na pinaghambing ay napag-alamang walang makabuluhang pagkakaiba.

Talahanayan VIII-A. Mga datos sa pagsusuri sa baryans sa pagitan ng anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto ayon sa Tatlong Akdang Panitikan

SUMMARY

| Groups | Count | Sum | Average | Variance |
|---|---|---|---|---|
| A. Kaalaman | 80 | 5152.53 | 64.41 | 322.59 |
| B. Komprehensyon | 80 | 4481.75 | 56.02 | 356.21 |
| C. Analisis | 80 | 3493.33 | 43.67 | 273.31 |
| D. Aplikasyon | 80 | 3973.33 | 49.67 | 562.48 |
| E. Sintesis | 80 | 5069.44 | 63.37 | 512.01 |
| F. Ebalwasyon | 80 | 4016.67 | 50.21 | 342.00 |

Talahanayan VIII-B. Pagsusuri sa baryans sa pagitan ng anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto ayon sa Tatlong Akdang Panitikan

ANOVA

| Source of Variation | SS | df | MS | F | P-value | F crit |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 27057.6 | 5 | 5411.52 | 13.7082 | 1.63E-12 | 2.2330 |
| Within Groups | 187118.4 | 474 | 394.76 | | | |
| Total | 214176 | 479 | | | | |
| Result:  Significant<br>Decision:  Reject Ho | | | | | | |

Talahanayan VIII-C. Maramihang paghahambing gamit ang Scheffés Test sa pagitan ng anim na domeyn ng kognitibong pagkatuto ayon sa Tatlong Akdang Panitikan

| Criteria | F’ | (F @ 0.05)(k-1) | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Kaalaman vs Komprehensyon | 7.123707 | 11.17 | insignificant |
| Kaalaman vs Analisis | 43.58531 | 11.17 | significant |
| Kaalaman vs Aplikasyon | 22.01486 | 11.17 | significant |
| Kaalaman vs Sintesis | 0.109282 | 11.17 | insignificant |
| Kaalaman vs Ebalwasyon | 20.42657 | 11.17 | significant |
| Komprehensyon vs Analisis | 15.46762 | 11.17 | significant |

| Criteria | F’ | (F @ 0.05)(k-1) | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Komprehensyon vs Aplikasyon | 4.092415 | 11.17 | insignificant |
| Komprehensyon vs Sintesis | 5.468345 | 11.17 | insignificant |
| Komprehensyon vs Ebalwasyon | 3.42453 | 11.17 | insignificant |
| Analisis vs Aplikasyon | 3.647786 | 11.17 | insignificant |
| Analisis vs Sintesis | 39.32969 | 11.17 | significant |
| Analisis vs Ebalwasyon | 4.336144 | 11.17 | insignificant |
| Aplikasyon vs Sintesis | 19.02199 | 11.17 | significant |
| Aplikasyon vs Ebalwasyon | 0.02973 | 11.17 | insignificant |
| Sintesis vs Ebalwasyon | 17.5477 | 11.17 | significant |

Makikita sa **Talahayanan IX-A** at **IX-B** ang pagsusuri ng pagkakaiba ng anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto hinggil sa tatlong akdang panitikan. Ang mga datos ay sinukat gamit ang One Way Analysis of Variance (ANOVA) test. Napag-alaman dito na ang *resultant F* ay 5.820 na mas mataas pa sa *critical value* na 2.233 gamit ang 0.05 antas ng kabuluhan ayon sa 5 at 474 *degrees of freedom,* sa gayon ang null hipotesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang may makabuluhang baryans sa pagitan ng anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto hinggil sa tatlong akdang panitikan.

Pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Scheffes Test na ipinapakita sa **Talahanayan IX-C**. Napag-alaman dito na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Wika at Gramatika vs Pagsulat; at Paglinang ng Talasalitaan vs Wika at Gramatika. Makikita mula sa talahanayan na ang nangunguna na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga domeyn ng kasanayang pampagkatuto ay ang Wika at Gramatika at Pagsulat na nakakuha ng baryans na 21.09533, at kasunod ang Paglinang ng Talasalitaan vs Wika at Gramatika na may baryans na 14.6172. Ang iba pang natitirang pares na pinaghambing ay napag-alamang walang makabuluhang pagkakaiba.

Talahanayan IX-A. Mga datos sa pagsusuri ng baryans sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto ayon sa Tatlong Akdang Panitikan

SUMMARY

| Groups | Count | Sum | Average | Variance |
|---|---|---|---|---|
| A. Pag-unawa sa Napakinggan | 80 | 4314.4 | 53.93 | 232.63 |
| B. Pag-unawa sa Binasa | 80 | 4346.5 | 54.33 | 426.71 |
| C. Paglinang ng Talasalitaan | 80 | 4150 | 51.88 | 407.83 |
| D. Panonood | 80 | 4833.3 | 60.42 | 624.61 |
| E. Wika at Gramatika | 80 | 5178.9 | 64.74 | 501.79 |
| F. Pagsulat | 80 | 3942.9 | 49.29 | 522.30 |

Talahanayan IX-B. Pagsusuri sa baryans sa pagitan ng anim na domeyn ng kasanayang pagkatuto ayon sa Tatlong Akdang Panitikan

ANOVA

| Source of Variation | SS | df | MS | F | P-value | F crit |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 13172.15 | 5 | 2634.4 | 5.820 | 3.1E-05 | 2.233 |
| Within Groups | 214553.7 | 474 | 452.64 | | | |
| Total | 227725.8 | 479 | | | | |
| Result: Significant<br>Decision: Reject Ho | | | | | | |

Talahanayan IX-C. Maramihang paghahambing gamit ang Scheffés Test sa pagitan ng anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto ayon sa Tatlong Akdang Panitikan

| Criteria | F' | (F @ 0.05) (k-1) | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa Napakinggan vs Pag-unawa sa Binasa | 0.014213 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Napakinggan vs Paglinang ng Talasalitaan | 0.373392 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Napakinggan vs Panonood | 3.717713 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Napakinggan vs Wika at Gramatika | 10.31814 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Napakinggan vs Pagsulat | 1.906553 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Binasa vs Paglinang ng Talasalitaan | 0.533304 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Binasa vs Panonood | 3.272187 | 11.17 | Insignificant |

| Criteria | F' | (F @ 0.05) (k-1) | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa Binasa vs Wika at Gramatika | 9.566447 | 11.17 | Insignificant |
| Pag-unawa sa Binasa vs Pagsulat | 2.249994 | 11.17 | Insignificant |
| Paglinang ng Talasalitaan vs Panonood | 6.447514 | 11.17 | Insignificant |
| Paglinang ng Talasalitaan vs Wika at Gramatika | 14.6172 | 11.17 | Significant |
| Paglinang ng Talasalitaan vs Pagsulat | 0.592471 | 11.17 | Insignificant |
| Panonood vs Wika at Gramatika | 0.381711 | 11.17 | Insignificant |
| Panonood vs Pagsulat | 10.94893 | 11.17 | Insignificant |
| Wika at Gramatika vs Pagsulat | 21.09533 | 11.17 | Significant |

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan, ang sumusunod na kongklusyon ay inilalahad:

Batay sa buod ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa anim na kognitibong domeyn ng pagkatuto, makikitang nangunguna sa pinakamaraming bilang ng mag-aaral na nakakuha ng Pinakamahusay (90-100) ang domeyn ng Sintesis at Kaalaman na nangangahulugan nahasa ng wasto ang angking galing ng mga mag-aaral sa unang lebel sa taksonomi nina Bloom at Barret na maaaring gamitin sa pagtatasa sa antas ng pang-unawa. Nangunguna naman sa bahagdan ng *mean* ay ang domeyn ng Sintesis at Kaalaman na parehong mayroong deskripsyong Mas Mahusay. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan na sa anim na kognitibong domeyn pagkatuto ang Sintesis at Kaalaman ang isinasaalang-alang ng mga mag-aaral sa pasulit. Batay sa buod ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto, makikitang nangunguna ang domeyn ng Wika at Gramatika at kasunod ang domeyn ng Panonood na parehong mayroong deskripsyong Mas Mahusay. Samakatuwid, ito ay nangangahulugan na sa anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto ang Wikat at Gramatika at Panonood ang isinasaalang-alang ng mga mag-aaral sa pasulit. Batay naman sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa tatlong akdang panitikan, makikitang ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa pasulit ay nagtamo ng deskripsyong Mahusay. Batay sa akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7, makikitang ang natamong *mean* ng marka mula sa una at pangalawang kwarter nakakuha ng deskripsyong

Kasiya-siya. Mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa kinalabasan ng pasulit at ang kanilang natamong akademik perpormans sa unang kwarter at pangalawang kwarter. Sa gayon, ang null hipotesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Ito ay nagbibigay ng implikasyong may tuwirang ugnayan ang antas ng komprehensyon at akademikong perpormans. Kung mas mataas ang antas ng komprehensyon ay mas mataas rin akademik perpormans ng mga mag-aaral at kung mababa naman ang antas ng komprehensyon ay mababa rin ang akademik perpormans nito. May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae hinggil sa antas ng komprehensyon. Samakatuwid, ang null hipotesis ay hindi tinanggap. Mahihinuha rin dito na mas mataas ang antas ng komprehensyon ng mga babae batay sa nakuha nitong mean kaysa nakuhang mean ng mga lalaki. May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae hinggil sa akademik perpormans. Samakatuwid, ang null hipotesis ay hindi tinanggap. Mahihinuha rin dito na mas mataas ang akademik perpormans ng mga babae batay sa nakakuha nitong *mean* kaysa sa nakuhang mean ng mga lalaki. Walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral hinggil sa tatlong akdang panitikan. Ito ay nangangahulugang ang null hipotesis ng pag-aaral ay tinanggap at walang pagkakaiba ang tatlong uri ng akda batay sa antas komprehensyon ng mga mag-aaral. Mayroong makabuluhang baryans sa pagitan ng anim na kognitibong domeyn sa pagkatuto hinggil sa tatlong akdang panitikan. Sa katiyakan, mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pinaghahambing na pares ng mga kognitibong domeyn ng pagkatuto. Sa gayon, ang null hipotesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Mahihinuha rin batay sa mga datos na mas naipamamalas ng mga mag-aaral ang galing sa kognitibong domeyn ng pagkatuto ng Kaalaman, Sintesis at Komprehensyon sa dahilang ito ang mga domeyn na nakakuha ng mataas na *average* at ang kognitibong domeyn na nangangailangan pang pagtuunan ng pansin ay ang domeyn ng Analisis at Aplikasyon sapagkat ang mga domeyn na ito ang nakatamo ng pinakamababang *average* ayon sa pagsusuri. Mayroong makabuluhang baryans sa pagitan ng anim na domeyn ng kasanayang pampagkatuto hinggil sa tatlong akdang panitikan. Sa katiyakan, mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Wika at Gramatika at Pagsulat; at Paglinang ng Talasalitaan vs Wika at Gramatika. Samakatuwid, ang null hipotesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap. Mahihinuha rin batay sa mga datos na mas naipamamalas

ng mga mag-aaral ang galing sa domeyn ng kasanayang pampagkatuto sa Wika at Gramatika at Panonood sa dahilang ito ang mga domeyn na nakakuha ng mataas na *average* at ang kasanayang domeyn na nangangailangan pang pagtuunan ng pansin ay ang domeyn ng Pagsulat na sumasaklaw sa kompetensi na *Naisusulat ang buod ng isang mito/ alamat/kuwentong-bayan nang may maayos na pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari*, at Paglinang ng Talasalitaan na sumasaklaw sa kompetensi na *Naibibigyang- kahulugan ang mga salita sa tindi ng pagpapa-kahulugan* sapagkat ang mga domeyn na ito ang nakatamo ng pinakamababang *average* ayon sa pagsusuri.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga kinalabasan at nabuong kongklusyon, masigasig na iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Nararapat na isakatuparan ng paaralan ang desisnyo ng aralin na iminungkahi sa pag-aaral na ito tungo sa ikatatagumpay ng pagtuturo sa Filipino. Magkaroon ng gawain sa paglilinang ng talasalitaan sa Filipino araw-araw gaya ng paglalahad ng salitang Filipino na may katumbas na kahulugan upang malinang ang talasalitaan ng mga mag-aaral bago ang talakayan. Bago simulan ang pagbabasa ng mga mag-aaral sa akdang tatalakayin ay nararapat lang magkaroon muna ng paghahawan ng sagabal sa mga salitang mahirap intindihin o bago pa lang sa mga mag-aaral nang sa ganoon ay mas madaling intindihin ng mga mag-aaral ang daloy ng pangyayari ng akda. Pagkatapos talakayin ang isang akda ay mararapat lang na bigyan sila ng gawaing napapatungkol sa pagbubuod ng binasa nang sa ganoon ay di lang masubok ang retensyon ng mga mag-aaral sa akda kundi masasanay ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap at talata na may kaisahan at may pagkakaugnay. Matatasa rin ang pang-unawa ng mga mag-aaral kung paano gamitin ang mga bagong salitang natutunan sa pagbuo ng pangungusap. Dahil ang paksang binigyang-diin ay natutungkol sa antas ng komprehensyon sa mga akdang panitikan, kinakailangang ang guro ay maghanda ng sapat na potokopya sa mga mag-aaral lalong-lalo na sa mga mag-aaral ng grade 7 na walang batayang aklat na ginagamit upang mas maging madali nilang intindihin ang binabasa at pinapakinggan. Himukin ang mga guro na gumamit ng makabagong kagamitan sa pagtuturo gaya ng mga *audio-visual* na kagamitan gaya ng *film showing* at pagamit ng *powerpoint*

*presentation* sapagkat napag-alaman sa pag-aaral na ang domeyn ng Panonood ay isa sa nakakuha ng mataas na antas ng pang-unawa batay sa ginawang pasulit. Mainam na magkaroon ng seminar at mga workshop ang mga guro sa Filipino upang mas lumawak pa ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagsasaalang-alang sa mga kasanayang pampagkatuto na siyang binigyang-diin sa gabay pangkurikulum. Gawing lingguhan ang *Learning Action Cell (LAC) session* ng mga guro upang regular na mapag-usapan at matugunan ang suliranin sa loob ng klasrum lalong-lalo na sa pagbibigay-diin sa mga kasanayang pampagkatuto sa pagtuturo ng Filipino. Kailangang masiguro na ang magtuturo ay nagpapakadalubhasa sa asignaturang ituturo nang sa gayon ay masiguro rin ang sapat na kaalaman sa pagtuturo at maging madali ang pagkamit sa layunin. Bago itatalakay ang mga kasanayang pampagkatuto, iminumungkahing magbigay muna sa mga mag-aaral ng panuring pasulit upang matiyak kung taglay na nila ang mga panimulang kakayahan. Kailangang regular na maibigay ng guro ang lagumang pasulit sa mga mag-aaral nang sa gayon ay maagang matumbok ang mga kasanayang pampagkatuto na kailangang ibalik-aral o ibalik-turo. Kailangang masiguro ang sapat na kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto upang sa gayon ay maging maayos ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng klasrum. Iminumungkahi ang pag-aaral hinggil sa pagtatasa sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa iba pang akdang panitikan na ginagamit sa daloy ng instruksyon sa Filipino 7 na sumasaklaw sa paksa ng una, ikalawa at ika-apat na kwarter.

## MGA SANGGUNIANG BANGGIT

Acheaw, M. & Larson, A. (2014). Reading Habits Among Students and Its Effect on Academic Performance: A Study of Students of Koforidua Polytechnic. Library Philosophy and Practice (e-journal). 1130. Retrieved from https://goo.gl/YvU17n . (Accessed last August 05, 2018).

Artikulo XIV, Seksyon 1 ng Saligang Batas ng Pilipinas https://goo.gl/UaMwUr

Artikulo XIV, Seksyon 15, talata 1 ng Saligang Batas ng Pilipinas. Retrieved from https://tinyurl.com/y7aylnrz . (Accessed last August 15, 2018).

Baraceros, E. (2016). Practical Research I. Manila, Philippines. REX Book Store Inc.

Bruner, J. (1966). Constructivist Theory (Jerome Bruner). Retrieved from https://tinyurl.com/ybsbnw8q . (Accessed last August 13, 2018).

Bloom at Barret Taxonomy. Retrieved from https://goo.gl/46mYSV. (Accessed last August 4, 2018)

Connelly, J. (2016). "Effect of Wh-Question Graphic Organizer on Reading Comprehension in Students with Autism Spectrum Disorders" (2016). Theses, Dissertations and Capstones. Paper 984. Retrieved from https://goo.gl/iPpPN2 . (Accessed last August 04, 2018).

De Leon, E. (2018). Tuklas-Diwa Pagbasa Panunuri Panaliksik Filipino 2. Metro Manila. LORIMAR Publishing Inc.

DepEd Order No. 18, series of 2017. Retrieved from https://tinyurl.com/yctjgcqp . (Accessed last August 15, 2018).

Flavell, John (1976). Theory of Learning in Educational Psychology. Retrieved from https://tinyurl.com/ycqekshm. (Accessed last August 11, 2018)

Gilakjani, A. & Sabouri, N. (2016). How Can Students Improve Their Reading Comprehension? Journal of Studies in Education ISSN 2162-6952 2016, Vol. 6, No. 2. Retrieved from https://goo.gl/Hzfwyr . (Accessed last August 05, 2018).

K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016. Retrieved from https://tinyurl.com/y8ggp4lh. (Accessed last July 29, 2018).

McLeod, S. (2018). The Zone of Proximal Development and Scaffolding. Retrieved from https://tinyurl.com/y89muogm. (Accessed last August 13, 2018).

McLeod, S. (2018). Jean Piaget's (1936) Theory of Cognitive Development. Retrieved from https://tinyurl.com/yaxsrnat. (Accessed last August 13, 2018).

Mistar, J., Zuhairi, A. & Yanti, N. (2016). Strategies Training in the Teaching of Reading Comprehension EFL Learners in Indonesia. English Language Teaching; Vol. 9, No. 2; 2016. Retrieved from https://tinyurl.com/ybwun4w7 . (Accessed last August 05, 2018).

Paaralan (2014). Layunin ng Paaralan. Retrieved from https://goo.gl/rnWNvk . (Accessed last July 30, 2018).

Saligang Batas ng Pilipinas (1987). Retrieved from https://goo.gl/UaMwUr . (Accessed last August 15, 2018).

Sanchez, M. (2017). Pagbasang May Pag-unawa o Reading Comprehension. Retrieved from https://goo.gl/46mYSV . (Accessed last August 11, 2018).

Shirmohammadi, M. & Salehi, M. (2017). Comparative Effect of Scaffolding Instruction and Self-Regulated Learning on ESP Learners' Reading Comprehension. International Journal of English Language & Translation Studies. 5(4). 203-213. Retrieved from https://goo.gl/ctQ8cJ (Accessed last August 05, 2018).

Vygotsky, Lev (1934). Zone of Proximal Development

Wicaksono, W. (2016). Improving Students' Reading Comprehension Through Visualization Technique. A Classroom Action Research at the VII A Grade Students of SMP N 2 Karanglewas in Academic Year 2015/2016. Retrieved from https://goo.gl/kF5DuC (Accessed last August 05, 2018).